Catholic Bishop's Residence,
Kawaramachi Sanjo Agaru,
Nakagyo-ku,Kyoto
604-8006, JAPAN

Paul Yoshinao Otsuka
Bishop of Kyoto

Kyo.Prot.N. 43/2020
Para Sa Mga Katoliko sa Diyosises Ng Kyoto

# AN EASTER 2020 MESSAGE FROM BISHOP OTSUKA OF KYOTO
# ANG PASKO NG PAGKABUHAY 2020 NA MENSAHE MULA SA OBISPO OTSUKA NG KYOTO

Nais ko sana kayong batiin ngayong Pasko ng Pagkabuhay, bagaman ang pandaigdigang pananalasa ng COVID-19 ay nagpapatuloy, ang taong ito ay hindi angkop na sitwasyon upang tayo ay magbahaginan ng masasayang pagbabatian. Marahil iyon din ay ating maging dahilan na pagpanibaguhin ang ating pananampalataya sa Panginoong nabuhay at magpasalamat sa Panginoong Diyos, ang pinagmumulan ng buhay, para sa biyaya ng kaligtasan.

Ang tema ni Papa Franisco sa kaniyang pagbisita noong nakaraang taon ay "Protect all Life", at ngayon ang buong mundo ay nahihirapan sa pangangalaga sa lahat ng buhay. Tumitindi ang ating kamalayan na ang pangangalaga sa buhay ay nangangailangan ng kooperasyon at sakripisyo ng maraming tao.

Ang tema ng Kuwaresma 2020 ay "Renewed by the Holy Spirit", pero ang Kuwaresma ay naging mismong panahon ng pagsubok dahil ang lahat ng Misa ay nasuspinde. Gamitin natin ang kasalukuyang hirap na dinaranas natin upang pagmuni-munihan ating pananampalatayang binubusog ng Banal na Misa.

Mga kapatid, ayon din sa tawag ni Papa Francisco, ating isaisip ang kahalagahan ng pagdadasal ng sama-sama sa pangkalahatang krisis na kinakaharap ng mundo. Ating ipagdasal ang mga yumao dahil sa karamdamang ito. Atin din ipagdasal ang mga nahawa at yaong mga ginagamot sa kasalukuyan upang magkaroon sila ng agaran at kumpletong paggaling. At ipagdasal natin ang mga taong nangalaga ng kalusugan o health care providers.

Ating dasalin ang Prayer for the World Suffering from the New Coronavirus Pandemic na iminungkahi ng ating kapulungan ng mga Obispo. Tayo ay pinag-iisa ng ating ugnayan bilang isang Simbahan, ang Katawan ni Kristo. Bilang indibidwal at bilang Katolikong Simbahan, tayo ay patuloy na magdasal, huwag tayong mawalan ng tiwala sa kapangyarihan ng dasal na kahit na tayo ay hindi nakakapagdiwang ng Misa.

Ang aking pangunahing layunin ay maialay natin ang bawat sakripisyo bilang tanda ng pag-ibig sa ating kapuwa upang hindi na lumaganap ang impeksyon. Ang layunin ng Diyosises ng Kyoto sa hindi pagdiriwang ng Misa ay para "pangalagan ang buhay" sa pamamagitan ng pag-iwas sa posibleng tayo ay maging sanhi ng inpeksyon na hindi natin nalalaman na pwedeng magdulot ng kapahamakan sa ibang tao.

Kahit ano pa man ang dumating, tayo ay magtiwala sa awa ng Diyos at panibaguhin ang ating pananampalataya sa muling nabuhay na si Hesu-Kristo na kapiling natin. Tayo ay manalangin na ang sakit na ito ay agarang mawala at ang mga tao sa buong mundo ay muling mamuhay na may seguridad. Tayo ay magdasal sa pamamagitan ng tulong ni Maria, ang ating mapagmahal na Ina, at kay San Jose, ang tagapagtanggol ng Simbahan.

April 11, Vigil of Easter 2020

+ Paul Y. Otsuka

✠ Paul Yoshinao Otsuka
Bishop of Kyoto